# KAPASIYAHAN BLG. 2021-65

**"NAGPAPATIBAY SA APPROPRIATION ORDINANCE NO. 001, S-2021 NG BARANGAY POBLACION, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAM NA DAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO, DALAWANG DAAN APATNAPUNG PISO AT LABING ANIM NA SENTIMO (PHP969,240.16)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP969,240.16;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Barangay Poblacion at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Barangay ng Poblacion ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Appropriation Ordinance No. 001, S-2021 ng Barangay Poblacion, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget*) para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Siyam na Daan Animnapu't Siyam na Libo,

Dalawang Daan Apatnapung Piso at Labing Anim na Sentimo (Php969,240.16).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-24 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-24 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim